

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Lungsod ng Brampton, Peel District School Board, Jays Care Foundation ay nag-host sa grand opening para sa Field of Dreams Accessible Baseball Diamond**

***Ang unang ganap na accessible baseball diamond ng Brampton ay handa na para gamitin ng komunidad.***



BRAMPTON, ON (Abril 29, 2022) – Sa araw na ito, ang komunidad ay nagtipon-tipon para sa grand opening event ng Lungsod ng Brampton, Peel District School Board (PDSB) at Jays Care Foundation para sa Peel District School Board at City of Brampton Field Of Dreams Accessible Baseball Diamond. Ang field, na nakumpleto noong Disyembre 2021, ay pwede na ngayong gamitin ng komunidad.

Ang Brampton ay isa sa 12 benepisyaryo ng Jays Care Foundation Field Of Dreams grant sa Canada sa 2020. Nagbibigay ang grant ng pondo para idisenyo, i-refurbish at magtayo ng accessible na mga

espasyo para sa mga bata at kabataan para maglaro ng baseball, manatiling malusog at aktibo at i-debelop ang mga skill ng buhay. Ang Lungsod ng Brampton ay nagbigay ng one-third ng pondo para sa proyekto, na ang PDSB ay nagpopondo ng iba at ang Jays Care Foundation grant ang nagbibigay sa natitirang pangatlo ng gastos.

Una sa uri nito sa Brampton, ang Field Of Dreams ay isang napakahusay na karagdagan sa luntiang espasyo sa pagitan ng Judith Nyman Secondary School at ng Williams Parkway Senior Public School. Matatagpuan sa 1305 Williams Pkwy., ang baseball diamond ay sapat na malapit para sa mga estudyante sa Chinguacousy Secondary School para gamitin at may madaling access sa Highway 410, na ginawang kumbinyente ang site para sa lahat ng residente ng Brampton. Ang proyekto ay isa na namang magandang halimbawa ng partnership ng publiko sa pagitan ng Peel District School Board at ng Lungsod ng Brampton para madagdagan ang access sa libangang mga amenidad para sa kapwa mga estudyante at residente sa buong Brampton, at inaasahan na gagamitin nang maayos ng Peel Board at ng mga organisasyon ng komunidad tulad ng Challenger Baseball at ng Special Olympics.

Ipinagmamalaki ng bagong Field Of Dreams ang sapat na pagiging accessible at mga feature ng functionality: isang artificial turf infield; modified base paths (60'); isang mas maliit na outfield; isang modified pitcher's mound na walang pagbabago ng grado at ang warning track ay gawa sa hard-packed gravel.

Ang isang accessible ramp at mga paradahan ay idinagdag sa Terry Miller Recreation Centre parking lot para sa mga taong gumagamit ng Field Of Dreams. Kabilang sa ibang mga feature ng baseball diamond ang: bleacher seating para sa mga tagahanga sa likod ng home plate; apat na pitcher mounds para sa iba't ibang pangkat ng user; at isang outfield fence na tanging 225 feet mula sa home plate.

Para mag-book sa Field Of Dreams baseball diamond, ang mga residente, sports groups at mga organisasyon sa komunidad na nangangailangan ng mga pasilidad na walang balakid ay maaaring makipag-ugnayan sa rental unit ng sports field ng Lungsod sa 905-874-BOOK (2665) o mag-email sa [facilityrentals@brampton.ca](mailto:facilityrentals@brampton.ca).

### **Tungkol sa Peel District School Board**

Ang Peel District School Board (PDSB) ay diverse board sa lahi, kultura at wika na naglilingkod sa 55,000+ na estudyante sa 259 na paaralan sa buong Brampton, Caledon at Mississauga. Ang PDSB ay ang pangalawang pinakamalaking school board sa Canada at pinakamalaking employer sa Rehiyon ng Peel. Alamin ang mas marami pa sa [www.peelschools.org](http://www.peelschools.org).

### **Tungkol sa Jays Care Foundation**

Ang Jays Care Foundation, kawang-gawang pangkat ng Toronto Blue Jays, ay gumagamit ng baseball bilang tool sa pagtuturo ng mga skill sa buhay at lumikha ng tumatagal na pagbabago sa lipunan para sa higit sa 35,000 bata at kabataan sa buong Canada. Ang Jays Care ay ipinagmamalaking nagtatrabaho sa lahat ng sampung lalawigan at dalawang teritoryo na nagpapatakbo sa mga programa ng komunidad para gawing pantay ang field para sa mga bata na Canadian na nahaharap sa mga balakid. Namuhunan din ang organisasyon ng higit sa \$10 milyon sa pamamagitan ng Field Of Dreams para suportahan ang pagtatayo o pag-refurbish ng higit sa 100 diamonds at libangang mga espasyo. Sa 2020, ang Jays Care ay ginawaran ng MLB's Allan H. Selig Award para sa Philanthropic Excellence na kumikilala sa Blue Jays Community Commitment, isang \$7.5 milyon na COVID-19 response plan na sumuporta sa mga hindi patas na naapektuhan ng pandemya sa buong Canada.

**Mga Quote**

“Batter up, Brampton! Ipinagmamalaki naming ianunsyo na ang Field of Dreams Accessible Baseball Diamond ay opisyal nang bukas para sa bookings. Salamat sa aming mga partner sa Peel District School Board at sa Jays Care Foundation para sa pagtulong na gawing ganap na katotohanan ang unang accessible baseball diamond sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at excited kami na magbigay ng mga bagong espasyo at pagkakataon para ang lahat ay magkaroon ng katuwaan, manatiling aktibo at maglaro. Ang Field of Dreams ay isang napakahusay na karagdagan sa ating komunidad, sa pakikipagtulungan sa Peel District School Board at sa Jays Care Foundation.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton, Peel District School Board at ang Jays Care Foundation ay ipinagmamalaking ipresenta ang Field of Dreams, isang nagsasali sa lahat na espasyo para makapaglaro ang lahat. Ang mga bata at kabataan sa lahat ng kakayahan, mga residente, sports groups, mga organisasyon ng komunidad at sinuman na gusto ng ilang oras sa baseball diamond ay maaaring i-book ang espasyo sa pamamagitan ng pagkontak sa Brampton Recreation.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa paghahatid ng pamumuhunan sa ating komunidad. Ang Field of Dreams ay isang mahalagang pamumuhunan sa kalusugan at kabutihan ng ating komunidad, at nagpapasalamat tayo sa ating mga partner sa Peel District School Board at Jays Care Foundation.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ang Peel District School Board at ang Field of Dreams ng Lungsod ng Brampton ay minarkahan ang mahalagang pamumuhunan sa patuloy na pagtuon ng Peel District School Board sa pagtatayo ng nagsasali sa lahat na mga kapaligiran na nagtataguyod ng kalusugan at kabutihan. Wala sana tayo ngayon dito kung wala ang suporta ng ating mga partner, ng Lungsod ng Brampton at ng Jays Care Foundation. Ito ay tunay na testamento sa mga magagandang bagay na maaaring makamit kapag nagtutulungan tayo sa pagbuo ng komunidad.”

- *Rashmi Swarup, Direktor ng Edukasyon, PDSB*

“Ipinagmamalaki ng Jays Care Foundation na makipagtulungan sa mga mabubuting partner para isabuhay ang Judith Nyman Field Of Dreams – isang ganap na accessible baseball diamond at una sa uri nito sa Lungsod ng Brampton. Excited kami na mag-alok ng nagsasali sa lahat at ligtas na espasyo para sa mga bata sa lahat ng kakayahan sa Challenger Baseball na magsama-sama, manatiling aktibo at magsaya kasama ang ibang mga miyembro ng kanilang komunidad. Nagpapasalamat kami sa kapwa Peel District School Board at sa ating katang-tanging mga donor sa pagsasabuhay sa proyektong ito.”

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)

Malon Edwards  
Manager of Communications, Peel District  
School Board  
[malon.edwards@peelsb.com](mailto:malon.edwards@peelsb.com) | (905) 301-  
6382

Joey Quintanilha  
Specialist, Marketing & Communications,  
Jays Care Foundation  
[Joey.Quintanilha@bluejays.com](mailto:Joey.Quintanilha@bluejays.com)